

ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

KONSORSYUM NG COUNTY NG SAN DIEGO PISKAL NA TAON 2022-23 TAUNANG PLANO NG ISTRATEHIYA BLOCK GRANT NG PAGPAPAUNLANG NG KOMUNIDAD, MGA PAKIKIPAGSOSYO SA PAMUMUHUNAN SA PABAHAY, OPORTUNIDAD SA PABAHAY PARA SA MGA TAONG MAYROONG SAKIT NA AIDS AT MGA GRANT NA PROGRAMA PARA SA EMERHENSIYANG SOLUSYON.

Ito ay isang paunawa na ang Lupon ng mga Superbisor ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa alas 9:00 ng umaga sa Oktubre 19, 2021, sa Room 310 ng County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA, tungkol sa Piskal na Taong 2022-23 Taunang Plano ng Istratehiya.

Taun-taon, ang County ay bumubuo ng Taunang Plano upang kilalanin ang mga tiyak na proyekto na popondohan sa darating na Piskal na Taon sa pamamagitan ng apat na pederal na mga programang pangkarapatan na pinamamahalaan ng Ahensiya ng Kalusugan at Pantaong mga Serbisyo, Mga Serbisyo sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad: Community Development Block Grant (CDBG), Home Investment Partnerships (HOME), Housing Opportunities for Persons with AIDS (HOPWA) at Emergency Solutions Grant (ESG). Ang Taunang Plano ng Istratehiya ay magsisilbing gabay sa pagbubuo ng Taunang Plano.

Ang mga Programang CDBG at ESG ng “Urban County” ng San Diego ay nagpopondo ng mga aktibidad sa pabahay at pagpapaunlad ng komunidad sa hindi inkorporadong lugar at sa anim na kalahok na mga lungsod (Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway, at Solana Beach). Ang Programang HOME Consortium ng County ng San Diego ay naglalaan ng pondo para sa mga aktibidad sa pabahay sa lugar ng Programang CDBG at ESG at sa anim na mga lungsod ng Konsorsyum (Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista). Ang Programang HOPWA ay sinisilbihan ang buong rehiyon ng County ng San Diego.

Ang Taunang Plano ng Piskal na Taon 2022-23 ay kailangang makompleto bawat taon para sa mga programa ng County na CDBG, HOME, HOPWA at ESG. Ang Taunang Plano ng Piskal na Taon 2022-23 ay ihahanda at kikilalanin ang mga rekomendadong aktibidad na para sa pagpopondo sa Piskal na Taon 2022-23. Isang balangkas ng kasalukuyang Taunang Plano ng Istratehiya ay maaaring makita sa website ng Mga Serbisyo sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad sa: <https://www.sandiegocounty.gov/sdhcd/index.html>

Ang publiko ay inaanyayahang dumalo sa pampublikong pagdinig upang magkomento sa Taunang Plano ng Istratehiya, at upang kumuha ng mga komento ng mga mamamayan tungkol sa mga pangangailangan ng pabahay at pagpapaunlad ng komunidad bago ihanda ang Taunang Plano ng Piskal na Taon 2022-23. Ang publiko ay maaari ding magsumite ng nakasulat na komento sa loon ng 30-araw na panahon ng pagkomento na magtatapos sa Oktubre 19, 2021.

Ang mga nakasulat na komento ay dapat ipadala sa Housing and Community Development Services, Community Development Division, 3989 Ruffin Road, San Diego, CA 92123, (858)

Notice to be published in the S.D. Union-Tribune on September 17, 2021

694-8747, o kaya ay ipadala sa elektronikong koreo sa: Freddy.Villafan@sdcountry.ca.gov. Ang mga may kapansanan sa pandinig o hirap makarinig ay maaaring kontakin ang departamento sa (866) 945-2207. Ang mga nangangailangan ng tulong upang makilahok sa pulong (hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat makipag-ugnayan sa mga tauhan upang humiling ng espesyal na tulong nang hindi kukulangin sa limang araw bago ang pulong.

ANUNSYO NG PUBLIKONG SERBISYO TUNGKOL SA COVID-19

Dahil sa emerhensiya sa pampublikong kalusugan dala ng sakit na [Coronavirus \(COVID-19\)](#), ang County ng San Diego ay gumagawa ng ilang pagbabago na may kaugnayan sa mga pulong ng Lupon ng mga Superbisor upang protektahan ang kalusugan ng publiko at upang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa lokal na lugar. Ang mga pulong ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego ay kasalukuyang bukas sa publiko, o ang mga miyembro ng publiko ay maaaring tunghayan ang ilang mga opsyon upang ihatid ang kanilang pampublikong komento sa online: [Public Comment Options \(Mga Opsyon sa Pampublikong Komento\)](#)